# PROGRAMANG TRUST FUND SA PABAHAY NG SACRAMENTO COUNTY

**Background:**

- Nilikha ng County ang programa noong 1990 para maparami at mapabuti ang supply ng abot-kayang mga yunit ng pabahay sa mga sambahayang napakababa ng kita. Ang mga halimbawa ng mga napakakababang kitang sambahayan ay binibuo ng pamilya na may apat na taong may tinatayang taunang kita ng $43,150 at karaniwang nagtatrabaho sa mga okupasyong tulad ng paghahanda ng pagkain at mga serbisyo sa personal na pag-aalaga.
- Nagtaguyod ang programa ng bayad sa mga hindi residensiyal na development tulad ng mga bagong gusali ng retail o mga warehouse na ilalagay sa account na gagamitin at mementinahin ng Sacramento Housing and Redevelopment Agency (SHRA) para sa produksiyon ng abot-kayang pabahay. Hanggang sa katapusan ng 2020, ang Trust Fund sa Pabahay ng County ay nakatanggap ng pinagsamang $47 milyon sa kita at nag-ambag sa produksiyon ng halos 3,000 abot-kayang yunit ng pabahay.
- Ang mga halaga ng bayad ay hindi na-update mula 1992. Sa kasalukuyan, tinatasa ng County ang mga bayad na mula $0.26 sa bawat talampakan kuwadrado hanggang $0.97 sa bawat talampakan kuwadrado depende sa paggamit. Sa mga ibang lungsod at count sa California, ang saklaw ng mga bayad para sa brand new na gusali ng warehouse ay mula $0.76 sa bawat talampakan kuwadrado hanggang $3.60 sa bawat talampakan kuwadrado. Ineeksakto ng Sacramento County sa kasalukuyan ang $0.26 sa bawat talampakan kuwadrado para sa brand new na warehouse.
- Tinatayang 50 katulad na Trust Fund na Programa sa Pabahay sa California. Sa loob ng Sacramento County, limanglungsod (Sacramento, Elk Grove, Rancho Cordova, Citrus Heights at Folsom) ang may mga lungsod na may katulad na bayarin.

**Layunin:**

- Para suriin at itaguyod ang mga angkop na bayad para sa mga hindi residensiyal na development nang maipagpatuloy na mapataas at mapabuti ang supply ng mga abot-kayang yunit ng pabahay para sa mga empleyado.
- Ang layunin ng Housing Trust Fund Nexus Study Update ay para idokumento at ma-quantify ang mga epekto ng pag-develop sa mga bagong hindi residensiyal na gusali at mga empleyadong nagtatrabaho doon, sa pangangailangan sa abot-kayang pabahay. Dahil ang mga trabaho sa lahat ng mga gusali ay sumasaklaw sa saklaw ng mga lebel ng sahod, may mga pangangailangan sa pabahay sa lahat ng lebel ng pagiging abot-kaya.

**Timeline:**

| Timeframe | Milestone |
|---|---|
| Tag-init ng 2021 | Pampublikong Outreach na Pagpupulong |
| Tag-init/Taglagas 2021 | Nilabas ang Pag-aaral |
| Tag-init/Taglagas 2021 | Mga Pangkat ng Pagtuon |
| Taglagas 2021 | Planning Commission at Sacramento Housing & Redevelopment Agency Commission |

| | |
|---|---|
| Taglamig 2021/2022 | Lupon ng Mga Superbisor |

**Dahilan para makarinig mula sa publiko:**

Para bigyan ang Komunidad ng Development, Mga Tagapagtanggol ng Pabahay at ang publiko ng oportunidad na repasuhin ang Housing Trust Fund Nexus Update Report at ang Fee Context Report at magbigay ng input sa mga angkop na halaga ng bayad para sa update.